



Family Day 2021 sa Brampton sa panahon ng pandemyang COVID-19

BRAMPTON, ON (Pebrero 10, 2021) – Kinikilala ng Family Day ang kahalagahan ng mga pamilya sa ating komunidad. Sa taon na ito, ang Family Day ay magaganap sa Lunes, Pebrero 15, 2021, at bilang bunga, ang bilang ng mga serbisyo ng Lungsod ay hindi available o mag-o-operate sa ilalim ng antas ng binawasang serbisyo.

Ang lahat ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo, kabilang ang mga Serbisyo sa Sunog at Emergency, mga Serbisyo sa Trapiko, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na mag-operate tulad ng dati para suportahan ang komunidad.

Ang mga residente ay pwedeng tumawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gumamit sa Brampton 311 app (makukuha sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong, Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel, kabilang ang mga tanong na nauugnay sa COVID-19. Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa karagdagang impormasyon.

Levee sa Bagong Taon ng Mayor

Iniiimbitahan kayong dumalo sa Levee sa Bagong Taon ng Mayor online sa Sabado, Pebrero 13, sa 11 am. Hino-host ni Cristina Howorun ng City TV, makinig mula kay Brampton Mayor Patrick Brown at mga Miyembro ng Konseho, subukan ang inyong kaalaman sa Brampton at suportahan ang mga lokal na negosyo sa mga trivia games at pagkakataong manalo ng e-gift cards mula sa kalahok na mga Negosyo ng Brampton. Huwag kalimutan na kumuha ng litrato sa photo booth! Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/events.

Brampton Transit

Mag-o-operate ang Brampton sa Serbisyo sa Linggo/Holiday sa Family Day, na may ilang kanseladong ruta. Kabilang sa mga rutang tatakbo ang:

- 501 Züm Queen
- 502 Züm Main
- 505 Züm Bovaird
- 511 Züm Steeles
- 1 Queen
- 2 Main
- 3 McLaughlin
- 4 Chinguacousy
- 5 Bovaird
- 7 Kennedy
- 8 Centre
- 11 Steeles
- 14 Torbram
- 15 Bramalea
- 18 Dixie
- 23 Sandalwood
- 29 Williams

- 30 Airport Rd.
- 35 Clarkway
- 50 Gore Rd.
- 52 McMurchy
- 53 Ray Lawson
- 56 Kingknoll
- 57 Charolais
- 115 Pearson Airport Express

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Contact Centre sa 905.874.2999 o bisitahin ang bramptontransit.com. Ang Contact Centre ay bukas mula 9 am hanggang 6 pm sa Pebrero 15.

Sarado sa publiko ang lahat ng counter ng Customer Service sa Pebrero 15. Ang mga gusali ng Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminal ay bukas mula 6 am hanggang 9 pm. Mananatiling sarado ang Trinity Common Terminal.

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na patuloy na panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal, at mga bus stop, kahit na nakasuot ng mask, hangga't maaari. Pinapaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung may sakit, paki-iwasan ang pagsakay sa pampublikong sasakyan, magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatoryo ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask na tumatakip sa inyong ilong, bibig at panga sa mga bus at terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib

Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Brampton Recreation

Pagsasaya sa Family Day

Mag-enjoy sa libreng birtwal na mga laro at mga aktibidad na pinangungunahan ng mga lider sa programa ng Lungsod ng Brampton sa Pebrero 13 at 15! I-register ang kumpletong pamilya online para sa Family Feud, Jeopardy, o scavenger hunt. Available ang sari-saring seksyon sa pamamagitan ng WebEx platform. Available online ang kuplepletong mga detalye sa www.brampton.ca/recreation.

Kung mas gusto ninyo ang isang aktibidad na magagawa ninyo sa inyong sariling bilis, kunin ang isang libreng craft kit para lumikha ng isang plaque ng pamilya o isang thumbprint family tree. Ang touchless, curbside pick-up ay pwede mula 3:30 at 7:30 pm sa South Fletcher's Sportsplex at Greenbriar Recreation Centre sa Pebrero 11 at 12. Pakisundan ang lahat ng karatula sa site at mga



pangkaligtasang tagubilin sa panahon ng pag-pick-up. Ang mga craft kit ay available sa first-come, first-served basis at limitado sa isa bawat pamilya, habang may suplay pa. Pakitingnan ang www.brampton.ca/recreation para sa mga kumpletong detalye.

Outdoor Skating

Bukas ang mga ice rink ng Lungsod ng Brampton sa Family Day batay sa reserbasyon at kung maganda ang panahon. Ang mga oras ng operation ay makikita sa www.brampton.ca/outdoorskating.

Ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay ang pangunahing prayoridad ng Lungsod, lalo na sa panahon ng COVID-19. Kaayon sa mga rekomendasyon ng Peel Public Health, nakahanda ang isang sistema ng reserbasyon para bisitahin ang mga rink. Ito ay para matiyak na ang mga hinihingi sa kapasidad ay napapanatili at posible ang contact tracing kapag kailangan.

Pwedeng magpareserba hanggang 24 na oras ang aga. Maaaring ipareserba ng mga residente ang kanilang puwesto sa pamamagitan ng:

- Pag-register online sa cityofbrampton.perfectmind.com
- Pagtawag sa aming booking line sa 905.791.2240
- Pagtawag sa Service Brampton sa 311 mula sa loob ng city limits

Ang lahat ng reserbasyon ay limitado sa isang oras na tagal. Ang lahat ng reserbasyon ay hinihingi para sa lahat ng patron, kabilang ang mga magulang, guardian o iba pang sumasama sa mga skater ngunit hindi pupunta sa ice. Hinihiling ang mga residente na mag-check in sa staff sa isang welcome tent sa site pagkarating. Kung kailangan ninyong kanselahin ang inyong reserbasyon, tumawag sa 905.791.2240 o mag-email sa reconnects@brampton.ca isang oras ang aga bago ang iyong booking.

Mandatoryo ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask o pantakip ng mukha sa ice sa lahat ng outdoor skating rinks para sa lahat ng kalahok na higit sa sampung (10) taong gulang. Ang mga kalahok sa lahat ng edad ay patuloy na inuutusang magsuot ng hindi medikal na mask o pintakip ng mukha sa lahat ng bahagi ng skating enclosure, kabilang ang mga washroom, mga staging area, at habang naghihinty sa pilapara mag-check in para sa isang nakareserbang skate.

Paglilibang sa Bahay

Manatiling aktibo at abala sa bahay gamit ang online fitness at craft tutorials! Subukan ang isang kumpletong body circuit, alamin kung paano gumawa ng origami hearts, mag-praktis sa inyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home sa www.brampton.ca/recathome.

Mananatiling sarado ang mga Sentrong Panlibangan dahil sa COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon sa aming mga programa at serbisyo sa paglilibang, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation.

Brampton Library

Sarado ang Curbside Pickup sa lahat ng sangay na mga library sa Family Day. Bisitahin ang www.bramptonlibrary.ca anumang oras para matuklasan ang ating Digital Library.

An gating website ay nag-aalok ng maayos at tuloy-tuloy na access sa digital eBooks, eAudiobooks, TV



at Movie streaming, online learning, at arts at crafts, lahat libre gamit ang inyong library card. Maghanap ng mga birtwal na programa para sa lahat ng edad at interes sa [Kalendaryo ng mga Event](#) sa ating website.

Mag-enjoy sa flexible returns sa pamamagitan ng 24-oras na external drop boxes sa lahat ng sangay na mga library. Mag-subscribe sa aming email updates at sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), at [Instagram](#).

Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Family Day.

Ang Animal Control ay nasa daan Lunes hanggang Biyernes mula 7 am hanggang 10 pm, at sa Sabado, Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm, at tutugon sa mga sumusunod na tawag lamang:

- Pagkuha sa may sakit/nasaktan/agresibong pambahay na hayop at mga hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Tumakbong hayop na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pagkuha sa naka-confine na asong-gala
- Pagkuha sa patay na hayop

Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Family Day

Habang ang Rehiyon ng Peel ay nagpapatuloy na suportahan ang mga pagsisikap na ihinto ang pagkalat ng COVID-19, ang ilang [panrehiyong pasilidad at serbisyo](#) ay nananatiling apektado hanggang sa karagdagang abiso. Mangyaring ipagpatuloy na gawin ang inyong parte para mahinto ang pagkalat ng virus sa pamamagitan ng pananatili sa bahay hangga't maaari. Ang Family Day ay isang panahon para tayo ay kasama ang ating mga mahal sa buhay at mag-enjoy sa panahong magkasama, ngunit tandaan kapag nagdidiriwang sa taon na ito:

- Makipagtipon lamang sa inyong direktang sambahayan at mahalagang mga suporta.
- Para sa pamilya at mga kaibigan na nakatira sa labas ng inyong tahanan, kumuha ng maraming litrato at isaayos ang birtwal na mga tawag at manatiling konektado at panatilihin ang paglayo mula sa iba.
- Patuloy na isagawa ang Core Four na mga aksyon:
 - o Panatilihin ang 2 metro na layo mula sa iba
 - o Magsuot ng mask
 - o Madalas na hugasan ang inyong mga kamay
 - o Manatili sa bahay kapag maysakit

-30-

KONTAK NG MEDIA SA LUNGSOD NG BRAMPTON

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca



BRAMPTON

Service and Information Update

KONTAK NG MEDIA SA REHIYON NG PEEL
Ashleigh Hawkins
Especyalista sa Komunikasyon – Public Health
Rehiyon ng Peel
416.818.4421 | ashleigh.hawkins@peelregion.ca